# *Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 4.*
# *Sa Pagtatayo ng MakaDios na Pamilya at Simbahan ng Dios*

Patuloy nating tatalakayin ang mg halimbawa mula sa Kasulatan ng mga kalalakihan at kababaehang natatakot sa Dios upang malaman kung anong nais ng Dios na gawin sa atin.

***6. Ang mga lalaki at babae ay dapat turuan ang kanilang mga anak na mangatakot sa Dios:*** Pagkatapos mahulog ng tao sa kasalanan sinabi ng Dios ang sumusunod: ***"At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong." (Genesis 3:15 KJV)*** Iyon ang sinabi ng Dios sa ahas, na may alitan sa pagitan niya at ang binhi nito at ng babae at kanyang binhi; ang binhi ng babae ay ang dudurog sa ulo ng diablo. Ito ang evangelio, ang mabuting balita ng Dios sa sangkatauhan, at maging sa araw na ito. At natupad nang si Jesus ay ipinanganak mula sa isang babae at gaya ng mababasa natin dito: ***"Datapuwa't nang dumating ang kapanahunan, ay sinugo ng Dios ang kaniyang Anak, na ipinanganak ng isang babae, na ipinanganak sa ilalim ng kautusan," (Galacia 4:4 KJV)*** Si Jesus ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan at nagtagumpay kay Satanas at dinurog ang ulo nito.

Sinabi ni Pablo kay Timoteo, ***"11 Ang babae'y magaral na tumahimik na may buong pagkapasakop. 12 Nguni't hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon ng pamumuno sa lalake, kundi tumahimik. 13 Sapagka't si Adam ay siyang unang nilalang, saka si Eva; 14 At si Adam ay hindi nadaya, kundi ang babae nang madaya ay nahulog sa pagsalangsang; 15 Nguni't ililigtas siya sa pamamagitan ng panganganak, kung sila'y magsisipamalagi sa pananampalataya at pagibig at sa pagpapakabanal na may hinahon." (1 Timoteo 2:11-15 KJV)*** Ang tinutukoy ni Pablo sa talata 14 ay ang pagkatukso ng babae sa Halamanan ng Eden nang siya ay malayo sa kanyang asawa at malapit sa diablo. Kaya nga isinulat niya, ***"11 Ang babae'y magaral na tumahimik na may buong pagkapasakop." (2 Timoteo 2:11 KJV)*** dahil unang nilikha ng Dios si Adan at ibinigay sa kanya ang mga utos na kailangan at ang babae na ibinigay Niya sa lalaki ay dapat sumunod sa mga utos ng Dios na ibinigay Niya kay Adam na kanyang asawang lalaki upang ituro sa kanya ang mga tagubiling ito. Kaya't sinabi ni Pablo, ***12 Nguni't hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon ng pamumuno sa lalake, kundi tumahimik. 13 Sapagka't si Adam ay siyang unang nilalang, saka si Eva;" (2 Timoteo 2:12-13 KJV)*** Nang hindi sinunod ng babae ang utos ng Dios at hindi pinanatiling malapit kay Adan siya ay nalantad sa gawa ng diablo at siya'y nagkasala, ***14 At si Adam ay hindi nadaya, kundi ang babae nang madaya ay nahulog sa pagsalangsang;" (2 Timoteo 2:14 KJV)***

Ating ding linawin ito nang sinabi niya, ***"11 Ang babae'y magaral na tumahimik na may buong pagkapasakop. 12 Nguni't hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon ng pamumuno sa lalake, kundi tumahimik." (1 Timoteo 2:11-12 KJV)*** hindi ibig sabihin na hindi dapat turuan ng babae ang lalaki, kundi hindi dapat turuan at kunin ng babae ang kapangyarihan sa lalake na itinuro na ng Dios at pinagbilinan siya kung anong gagawin. Ngunit kung lalaki ay hindi tinuruan ng Dios o siya ay gumagawa ng kasalanan, sa gayon ang babae na tinuruan ng Dios at ng Kanyang Salita ay dapat magturo at magpayo sa kanya. Sa ganoong kalagayan sa halamanan ng Eden, nang ang babae ay nagkasala, ang kanyang pagsisisi ay makikita sa ganitong paraan, ***15 Nguni't ililigtas siya sa pamamagitan ng panganganak, kung sila'y magsisipamalagi sa pananampalataya at pagibig at sa pagpapakabanal na may hinahon." (1 Timoteo 2:15 KJV)*** Ibig sabihin ang kanyang pagsisisi ay makikita sa panganganak at siya'y maliligtas kung siya ay ***'kung sila'y magsisipamalagi sa pananampalataya at pagibig at sa pagpapakabanal na may hinahon."*** at ito'y makikita kapag tinuruan ng babae ang kanyang mga anak kung paanong durugin ang ulo ni Sataanas sa pamamagitan ng pagsunod sa Salita ng Dios, at mga utos ng Dios, at sa pagpapasakop sa Kanyang kalooban. Gayundin ang utos na ito ay hindi lamang sa mga kababaihan kundi pati rin sa mga lalaki, na ang parehong mga lalaki at babae, bilang mga magulang ay may pananagutan na palakihin ang kanilang mga anak sa pagkatakot sa Dios.

***7. Kailangan nating disiplinahin ang ating mga Anak at palakihin sila, at ang iba, bilang mga alagad na nangangatakot sa Dios:*** Ating basahin ang Kasulatang ito: ***"27 At siya'y sinusundan ng isang makapal na karamihan sa bayan, at ng mga babaing nagiiyakan at nananambitan dahil sa kaniya. 28 Datapuwa't paglingon sa kanila ni Jesus ay sinabi, Mga anak na babae ng Jerusalem, huwag ninyo akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong sarili, at ang inyong mga anak. 29 Sapagka't narito, darating ang mga araw, na kanilang sasabihin, Mapapalad ang mga baog, at ang mga tiyang kailan ma'y hindi nangagdalang-tao, at ang mga dibdib na kailan man ay hindi nangagpapasuso." (Lucas 23:27-29 KJV)*** Si Jesus dito ay nasa kalagitnaan ng Kanyang bayan, at ang pangyayari ay nakakakilabot at nakapanghihilakbot; Si Jesus ay dinala upang ipako. Makapal na karamihan ang sumusunod sa Kanya, at ang mga babae ay nanangis at nanaghoy, Ngunit si Jesus ay hindi nadala ng damdamin o hinangaan o pinahalagahan ang mga ganoong bagay, sa halip sinabi Niya sa kanila ang mga sumusunod:, ***"huwag ninyo akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong sarili, at ang inyong mga anak."*** Sinabi Niya rin, ***"Mapapalad ang mga baog, at ang mga tiyang kailan ma'y hindi nangagdalang-tao, at ang mga dibdib na kailan man ay hindi nangagpapasuso."*** Iyon ay halos isang sumpa. Malalakas na tinig o pagsigaw ay hindi maiisaalang-alang kundi sa halip ang kailangan ay mga pagkilos

at paggawa. Maari mo ring tanungin bakit sinabi ni Jesus iyon sa kanila? Sa halip dapat niyang sabihin sa kanila 'Salamat sa inyong damdamin patungo sa akin'. Sapagkat sila'y nakikiramay sa Kanya at nanangis para sa Kanya. Ating basahin ang naunang talata upang maunawaan nang lubos kung anong nangyari kay Jesus sa paglilitis sa harapan ni Pilato, ***"20 At si Pilato'y nagsalitang muli sa kanila, sa pagnanais na pawalan si Jesus; 21 Datapuwa't sila'y nagsigawan, na sinasabi, Ipako sa krus, ipako siya sa krus. 22 At kaniyang sinabi sa kanila, na bilang ikatlo, Bakit, anong masama ang ginawa ng taong ito? Wala akong nasumpungang anomang kadahilanang ipatay sa kaniya: parurusahan ko nga siya, at siya'y pawawalan. 23 Datapuwa't pinipilit nilang hingin sa malalakas na tinig, na siya'y ipako sa krus. At nanaig ang kanilang mga tinig. 24 At hinatulan ni Pilato na gawin ang kanilang hinihingi, 25 At pinawalan niya yaong ibinilanggo dahil sa paghihimagsik at sa pagpatay, na siyang kanilang hiningi; datapuwa't ibinigay si Jesus sa kalooban nila. 26 At nang siya'y kanilang dalhin ay kanilang pinigil ang isang Simong taga Cirene, na nanggaling sa bukid, at ipinasan sa kaniya ang krus, upang dalhin sa likuran ni Jesus." (Lucas 23:20-26 KJV)*** Si Pilato ay hindi isang mananampalataya na mas mabuti kaysa bayan ng Dios. Sinasabi niya sa kanila palalayain niya si Jesus ngunit ipinilit nila sa kanya na ipako Siya; higit pa roon mas ginusto nilang palayain ang isang kriminal para sa kanila. Sila'y mga bayan ng Dios; ang mga lalaki ang naghalal laban kay Jesus upang ipako sa krus, ngunit ang mga babaeng sumunod kay Jesus, ay ang mga ina ng mga saling lahing iyon ng mga lalaking nagpasya laban kay Jesus. Yaong mga ina ng mga salinlahing mga lalaking iyon ay nanangis at nanaghoy dahil si Jesus ay ipapako sa krus. Ngunit hindi nila alam na ang salinlahi ng kanilang sariling mga anak ang nagtulak para doon, kaya't sinagot sila ni Jesus sa ganitong paraan: ***"huwag ninyo akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong sarili, at ang inyong mga anak."*** Hindi nila dinisiplina ang kanilang mga anak, at iyon ang kanilang kabiguan at kaya naman ginawa ng mga anak nila ang kahihiyang bagay sa araw na iyon.

Sinabi pa ni Jesus sa kanila, ***"29 Sapagka't narito, darating ang mga araw, na kanilang sasabihin, Mapapalad ang mga baog, at ang mga tiyang kailan ma'y hindi nangagdalang-tao, at ang mga dibdib na kailan man ay hindi nangagpapasuso." (Lucas 23:29 KJV)*** * Ang mga sinapupunan at dibdib ay ibinigay para sa taong babae para sa pagpaparami at para sa pagpapalaki ng makaDios na mga anak na may takot sa Dios. * Ngunit sa mga nanatiling walang asawa at walang mga anak ay mas mahusay kaysa sa mga nag-asawa at nagkaroon ng hindi makadios na mga anak. * Sila'y mapapalad na hindi kailanman nagkaroon ng mga anak kaysa nanganak at nagpalaki ng hindi makadios na mga anak na walang takot sa Dios at ginawa ang lahat ng mga kasalanan at pagsalangsang na ipinatigil at ipinagbawal ng Dios. * Makinig, mas mabuting hindi mag-asawa kaysa mag-asawa at nagkaroon ng ganoong mga anak na hindi nangangatakot sa Dios.

*Ang simbahan na nagpapatuloy na nagpapala at nagtatalaga at nagsasagawa ng mga kasal na binubuo ng hindi makadios na mga magulang na hindi natatakot sa Dios at hindi gumagawa ng mabuti, sapagkat ang kahahantungan ay ang mga di makadiyos na anak na sa huli ay lalapastangan ang Diyos at muling ipapako si Jesus sa krus. * Ang simbahan ay hindi gumagawa ng mabuti kung ang hindi mananampalataya ay gumagawa ng mas mabuti kaysa sa ating mga anak o sila'y mas mabuti kaysa sa mga kasapi ng simbahan. Gaya ng ating nakita na si Pilato ay mas mabuti kaysa sa bayan ng Dios. Pinapalaya niya si Jesus ngunit ang mga Israelita ay tumanggi. * Ang simbahan na hindi nagsasanay at nagdidisiplina at nagtuturo sa mga magulang sa pagdidisiplina at pagpapalaki sa mga anak na makaDios ay hindi natatakot sa Dios, dahil ito'y magtatapos sa hindi makadios na pamilya at hindi makadios na mga pinuno ng simbahan.

Ang simbahan na nagpapatuloy na nag-eebangheyo ngunit walang disiplina o ang disipolo ay hindi natatakot sa Dios, dahil ang mga naabot ay magpapatuloy na mabuhay sa kanilang naunang pamantayan at kinaugalian na salungat sa Salita ng Dios at sa huli'y magtataksil sa Panginoon.

Nang sinabi ni Jesus sa mga nanangis na kababaihan, ***"Mga anak na babae ng Jerusalem, huwag ninyo akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong sarili, at ang inyong mga anak.*** Parang sinasabi Niya sa kanila, '*Una mong disiplinahin ang inyong mga anak at turuan sila na gawin ang tama at mabuti, at iyon ang magiging daan na kayo'y makakalapit at makasunod sa akin.'*

***"Mapapalad ang mga baog, at ang mga tiyang kailan ma'y hindi nangagdalang-tao, at ang mga dibdib na kailan man ay hindi nangagpapasuso."*** Ito ay magaganap kung ang mga sinapupunan at dibdi ay magagamit bilang mga kagamitan ng diablo na magpapalaki ng masamang salinlahi na mayabang, walang takot sa Dios, na sinungaling, magnanakaw, mandaraya, nagpapakasaya sa kamunduhan at sa mga pagsasaya, immoralidad, na sumusuporta sa gumagawa ng masama, na nakikipagkompromiso at pagpayag sa kasalanan at kasamaan. * Ang pagpaparami at pagdami ng bilang ng simbahan na hindi iniingatan ang Salita ng Dios at hindi nangangatakot sa Panginoon ay isang bagay na hindi nasisiyahan si Jesus. * Bago tayo pumunta sa iba upang magevangelio, nais ni Jesus na tingnan muna natin ang ating sarili, ang ating pamilya, at ang ating mga anak, at tingnan kung kasama Niya sila o sila'y naninindigan sa sanglibutan upang hatulan ang mga banal.
Ito ay napakahalagang kailangan para sa makaDios na pag-aasawa na ang lalaki at babae ay natatakot sa Dios. Dahil ang layunin ng pag-aasawa ay magpalaki ng mga anak na nangangatakot sa Dios at kalaunan ay magtatayo ng makaDios na simbahan, * Kung ang lalaki o ang babae ay hindi natatakot sa Dios sa gayon kahit

ang kanilang mga anak ay hindi matatakot sa Dios. Kaya't mas mabuti sa mga batang walang ama o ina na walang takot sa Dios, at sila'y mapapalaki sa mas mahusay na paraan. * Gayundin kung ikaw ay walang asawa at naghahanap na magkaroon ng isang pamilya sa gayon kailangan mong ilagay sa iyong isip na mag-asawa ng isang taong may takot sa Dios.

***8. Ang mga babae o mga magulang na natatakot sa Dios, at sa simbahan ni Jesus ay inutusan at may pananagutan na magtatag ng mga disipolong nag-iingat ng mga utos ng Dios at iniingatan ang kanilang patotoo tungkol kay Jesus:*** Para sa makaDios na pamilya at para sa simbahan at ministerio, kailangan nito ang malaking takot sa Diyos upang makatayo sa kagipitan sa pagharap sa pagsalungat na gawain ng diyablo na labag sa paraan ng pagpapalaki sa mga makaDios na supling at sa pagpapalaki ng mga ganap at responsableng disipulo. Ang diablo at ang mga demonyo nito ay magpapatuloy sa pakikipagbaka, at pakay nila ang ating mga anak mula sa araw ng kanilang kapanganakan. Sa gayon, ngayon at sa pagtatapos kailangan mong malaman na ang ating mga anak ay pakay ng dibalo at kailangan nating gawin ang ating pinakamahusay na bahagi upang protektahan sila. Ang halimbawa niyon ay ang dalawang hilot na inutusan ni Faraon na patayin ang bawat batang lalaki. Ang iba pang halimbawa ay nasa ***Pahayag 12*** na kung saan makikita natin na ang diablo ay nagmamasid sa babae na nanganganak naghihintay sa kanya na manganak upang sakmalin ang kanyang anak. Ating basahin iyan: ***"1 At ang isang dakilang tanda ay nakita sa langit: isang babae na nararamtan ng araw, at ang buwan ay nasa ilalim ng kaniyang mga paa, at sa kaniyang ulo ay may isang putong na labingdalawang bituin; 2 At siya'y nagdadalang tao; at siya'y sumisigaw, na nagdaramdam sa panganganak, at sa hirap upang manganak. 3 At ang ibang tanda ay nakita sa langit: at narito, ang isang malaking dragong mapula, na may pitong ulo at sangpung sungay, at sa kaniyang mga ulo'y may pitong diadema. 4 At kinaladkad ng kaniyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit, at ipinaghagis sa lupa: at lumagay ang dragon sa harapan ng babaing manganganak na, upang lamunin ang kaniyang anak pagkapanganak niya. 5 At siya'y nanganak ng isang anak na lalake, na maghahari na may panghampas na bakal sa lahat ng mga bansa: at ang kaniyang anak ay inagaw na dinala hanggang sa Dios, at hanggang sa kaniyang luklukan. 6 At tumakas ang babae sa ilang, na doon siya'y ipinaghanda ng Dios ng isang dako, upang doon siya ampuning isang libo dalawang daan at anim na pung araw. 7 At nagkaroon ng pagbabaka sa langit: si Miguel at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka sa dragon; at ang dragon at ang kaniyang mga anghel ay nakipagbaka; 8 At hindi sila nanganalo, ni nasumpungan pa man ang kanilang dako sa langit. 9 At inihagis ang malaking dragon, ang matandang ahas, ang tinatawag na Diablo at Satanas, ang dumadaya sa buong sanglibutan; siya'y inihagis sa lupa, at ang kaniyang mga anghel ay inihagis na kasama niya. 10 At narinig ko ang isang malakas na tinig sa langit, na nagsasabi, Ngayo'y dumating ang kaligtasan, at ang kapangyarihan, at ang kaharian ng ating Dios, at ang kapamahalaan ng kaniyang Cristo: sapagka't inihagis na ang tagapagsumbong sa ating mga kapatid na siyang sa kanila'y nagsusumbong sa harapan ng ating Dios araw at gabi. 11 At siya'y kanilang dinaig dahil sa dugo ng Cordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan. 12 Kaya't mangagalak kayo, Oh mga langit at kayong nagsisitahan diyan. Sa aba ng lupa at ng dagat: sapagka't ang diablo'y bumaba sa inyo, na may malaking galit, sa pagkaalam niya na kaunting panahon na lamang mayroon siya. 13At nang makita ng dragon na siya'y inihagis sa lupa, ay inusig niya ang babaing nanganak ng sanggol na lalake. 14 At sa babae'y ibinigay ang dalawang pakpak ng agilang malaki, upang ilipad sa ilang mula sa harap ng ahas hanggang sa kaniyang tahanan, na pinagkandilihan sa kaniyang isang panahon, at mga panahon, at kalahati ng isang panahon. 15 At ang ahas ay nagbuga sa kaniyang bibig sa likuran ng babae ng tubig na gaya ng isang ilog, upang maipatangay siya sa agos. 16 At tinulungan ng lupa ang babae, at ibinuka ang kaniyang bibig at nilamon ang ilog na ibinuga ng dragon sa kaniyang bibig.. 17 At nagalit ang dragon sa babae, at umalis upang bumaka sa nalabi sa kaniyang binhi, na siyang nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at mga may patotoo ni Jesus:" (Pahayag 12:1-17 KJV)*** Ang babae dito ay maaring maging tanda para sa simbahan, ang asawa ni Jesus; o maaring sinumang ina o mga magulang na nangangatakot sa Dios. At sa panganganak ay maaring maging tanda ng bagong mga alagad na ginagawa ng simbahan at kasama ang ating mga anak na pinapalaki natin sa paglilingkod sa Panginoon. Ang pagsasalarawan na ating binasa sa ***Pahayag 12*** ipinapakita nito sa atin ang espirituwal na pakikibaka ay napaka totoo at kailangan nating matakot sa Dios at sumunod sa Kanya, at gawin ang ating pinakamahusay upang lumayo sa sanglibutan, at magtiwala kay Jesus at humawak sa Kanya. Kailangan nating magtiwala kay Jesus at sa Kanyang dugo at huwag ibigin ang ating sarili ng lubos, upang mapapagtagumpayan natin ang kapangyarihan ng kadiliman. * Gawin natin ang lahat ng ating makakaya upang protektahan ang ating mga anak mula sa paglusob ng diablo at mula sa masamang kapangyarihan ng sanglibutan. Ang babae sa talata 6 at 14 ay itinuwid sa ilang at doon siya'y ligtas. Dalawang beses isinulat, "***na doon siya'y ipinaghanda ng Dios ng isang dako",*** at dalawang beses isinulat, ***upang doon siya ampunin***, na nangangahulugang upang mapasa ilang siya ay maayos na iingatan ng Dios, at maayos na poprotektahan at bibigyan. Sa parehong paraan para sa atin upang mapasa ilang ay maayos na iingatan ng Dios, at poprotektahan at bibigyan. Na kailangan mula sa atin ay huwag tayong maging makasarili, dapat itakwil ang ating sarili, at huwag ibigin ang laman, kundi umasa at magtiwala kay Jesus upang magtagumpay gaya ng nasusulat, ***"11 At siya'y kanilang dinaig dahil sa dugo ng Cordero, at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang buhay hanggang sa kamatayan." (Pahayag 2:11 KJV)*** Ating malaman na habang mas tayo'y lumilipat patungo sa ilang (na ibig sabihin sa pananalangin, pag-aayuno, pagbabasa,

pagninilay, at pagsunod sa Salita ng Dios, pamumuhay ng payak na buhay, pag-iipon, pagtatrabaho, pag-aaral sa bahay ng ating mga anak, pagsamba at paglilingkod sa Dios) at mas malayo sa kamunduhan (na nangangahulugang malayo sa mga pagsasaya at mga kaibigan at Media at Balita, Mobile, laro, YOU tube, Facebook, atbp. malayo mula sa negosyo, pagsasayang. pag-utang, pagkain sa restawrant, pagsusuot ng mamahaling damit at sapatos atbp). sa gayon ay lalo tayong nasa tamang lugar na inihanda para sa atin at tayo ay aasikasuhin; sapagkat sa lugar na iyon lalo pang malayo ang diyablo sa atin at sa ating mga anak; at kaya tayo ay mananalo sa labanan laban sa diyablo.

Ang babae na nanganganak sa ***Pahayag 12*** at ang diablo, ang dragon ay nais patayin ang kanyang anak ay katulad sa ginawa ni Herodes sa pagsisikap na patayin si Jesus sa pakikiharap sa mga lalaking pantas na pumunta para sambahin si Jesus, ***"8 At pinayaon niya sila sa Bet-lehem, at sinabi, Kayo'y magsiparoon at ipagtanong ng buong ingat ang tungkol sa sanggol; at pagkasumpong ninyo sa kaniya, ay ipagbigay-alam ninyo sa akin, upang ako nama'y makaparoon at siya'y aking sambahin." (Mateo 2:8 KJV)*** Ngunit ang mga pantas na lalaki ay hindi sinunod siya kundi sumunod sa Dios, ***"12 At palibhasa'y pinagsabihan sila ng Dios sa panaginip na huwag silang mangagbalik kay Herodes, ay nangagsiuwi sila sa kanilang sariling lupain sa ibang daan." (Mateo 2:12 KJV)*** Kaya't ***"16 Nang magkagayon, nang mapansin ni Herodes na siya'y pinaglaruan ng mga Pantas na lalake, ay nagalit na mainam, at nagutos, at ipinapatay ang lahat ng mga sanggol na lalake na nangasa Bet-lehem, at sa buong palibotlibot noon, mula sa gulang na dalawang taon hanggang sa pababa, alinsunod sa panahon ng kaniyang maingat na pagkasiyasat sa mga Pantas na lalake." (Mateo 2:16 KJV)*** Ang simbahan ng Dios ay ang asawa ni Jesus na dapat maging tapat sa Dios na kanyang asawa sa pagpapalaki ng mga alagad na may takot sa Dios at batid kung paano tapusin ang gawa ng diablo kagaya ng mga pantas na lalaking iyon.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Gumising O Simbahan ng Dios at gumising O mga magulang upang protektahan ang iyong mga anak mula sa paglusob ng diablo. Mula sa sandaling ipanganak ang ating mga anak ay pakay ng diablo. Ang pakikipagbaka ay nagpapatuloy at kailangan nating maging handa, gaya ng ating binasa sa ***Pahayag 12:7,*** na ang diablo ay nagsasagawa ng pakikipagbaka laban sa mga taong sumusunod sa mga utos ng Diyos at sa kanilang patotoo para kay Jesus.

Si Jesus ay nagtagumpay na sa pakikipagbaka sa krus; kaya't ang simbahan ay hindi dapat mag-alala o sumuko; kaya nga tayo'y bumangon mula sa ating kahinaan ng loob at lumapit sa Panginoon, at makipagbaka para sa ating kapatid, sa ating mga anak, sa ating mga anak na babae, sa ating mga anak na lalaki, sa ating mga asawa at sa ating mga tahanan, O mga magulang itaas ang pamantayan ng pagkatakot sa Dios at ang tagumpay ay para sa atin habang tayo'y nagsisikap at naninindigan at nakikipagbaka sa mabuting pakikipagbaka para sa Kanya. O mga magulang tayo ay magsisi mula sa lahat ng ating mga kasalanan at pagiging kampante at mga pakikipagkompromiso. Ating ipangako ang ating sarili na matakot sa Dios at protektahan ang ating mga anak at pamilya, at protektahan sila mula sa gawain ng diablo, at palakihin sila alinsunod sa Salita at mga utos ng Dios.
Upang matakot sa Diyos ay pag-aalaga sa mga pamilyang Makadiyos, upang magpalaki ng mga Anak at disipulo na may Diyos, na sumusunod at tumatalima sa mga utos ng Panginoon at nauunawaan ang kalooban ng Diyos at naninindigan nang matatag sa Kanyang layunin at plano at nakikipagtulungan sa Diyos upang makamit ang lahat ng kailangan sa pagtatayo ng Kanyang simbahan at sa pagtatayo ng mga pamilyang Makadiyos.

Unawain ang mensahe at ipangako ang iyong sarili sa Kanya.

Tayo ay manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa harapan ni Jesus namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat sa pagpapakita sa akin ng kalinawagan ng katotohanan ng iyong Salita, at ang daan nais mong pagdaanan ko at ipamuhay ang aking buhay sa iyo. Panginoon itatag sa ain ang pagkatakot sa iyo sa aking buhay upang makapanindigan ako para sa iyong kapakanan at layunin.*

*Panginoon patawarin ako sa hindi ko pagdidisiplina sa aking mga anak, at sa aking mga alagad, at pinagpala ko ang mga pag-aasawa na hindi nakaalinsunod sa iyong kalooban at sa iyong Salita. Panginoon handa kong ituwid ang aking buhay at ang mali na aking nagawa. Bigyan moa ko ng isa pang pagkakataon at itaas ko ng iyong biyaya upang gawin iyon. Pangiooon bigyan mo ako ng pagkakilala na magawang maintindihan at maunawaan ang iyong kalooban at ang iyong mabuting plano sa aking buhay at sa buhay ng iyong bayan. Panginoon handa akong magdusa at sumabay sa iyong kalooban sa paglilingkod sa iyo.*

*Magsisi at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa kamunduhan, pagkamakasarili, pagbali ng mga utos ng Dios, kakulangan ng pangako, pakipag-uganayan sa mga hindi mananampalatay at pagiging tapat sa kanila. Magsisi sa pakikipag-ugnayan sa Media, mga balita, at YOU tube. Magsisi sa iyong kasamaan,*

*pakikipagkompromiso, pagmamalaki, pagsisinungaling, paggawa ng iyong kalooban, atbp. Panginoon ipinahahayag ko at nagsisi mula sa mga sumusunod na mga kasalanan_________________.*

*Panginooon sa pagsaway, pagtutuwid at sa babala na tinanggap namin mula sa iyong Salita. Panginoon kaawaan mo kami at itatag sa amin ang pagkatakot sa iyo sa aming buhay*

*Panginoon salamat para sa aking kapatid at sa aking mga kapatid na ababe na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at handang disiplinahin ang kanilang pamilya at mga anak at palakihin sila sa pagkatakot sa iyo. Panginoon ibigay ang lahat ng kanilang kailangan at bigyan sila ng sapat na mapagkukunan na maglilingkod sa iyong layunin iyon sa kanilang buhay. Panginoon protektahan sula kasama ng kanilang pamilya at ng kanilang mga anak, at bigyan sila ng pagkilala at karunungan na makilala ang gawain ng diablo at iwasan ang mga ito. Panginoon puspusin sila ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang Espirituwal na mga kaloob na magpatuloy ta maglingkod sa iyo.*

*Sinasalungat natin ang lahat ng gawa ng diyablo at sinasaway namin ito sa pangalan ni Jesus. Diablo lumayo ka sa aming mga anak, itinatakwil ka namin sa pangalan ni Jesus. Panginoon palayain mo ang lahat ng ating mga anak sa lahat ng gawa ng diyablo. Panginoon dalangin ko na pagpalain mo kami bilang isang simbahan, at ang takot sa iyo ay mapasa mga manggagawa at sa mga kasapi ng simbahan at sa lahat ng pamilya, na ang bawat isa at lahat ay gawin ang iyong kalooban, na palakihin namin ang aming mga anak at disipulo sa pagkatakot sa iyo. Pangioon ihanda kami para sa iyong pagparito upang kunin kami kasama mo kapag ikaw ay pumarito. Panginoon bigyang-daan kami na mag-evangelio at ipalaganao ang iyong Salita. Panginoon tulungan kaming makagawa ng bagong mga alagad at sanayin ang iba na maglingkod sa iyo upang magtanim ng bagong mga kapisanan at pag-aaral ng Bibliya. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 4. Sa Pagtatayo ng MakaDios na Pamilya at Simbahan ng Dios. Genesis 3:15. Galacia 4:4. 1 Timoteo 2:11-15. Lucas 23:27-29. 20-26. Pahayag 12:11-17. Mateo 2:8, 12, 16.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:

NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com